

Paalala sa mga mag-aaply ng exemption for dependents, atbp., para sa mga kamag-anak na naninirahan sa labas ng Japan

Tax Division Residents Affairs Dept., Ota City Office

Tungkol sa Special City Tax/Metropolitan Inhabitant Tax (tinutukoy ngayon na “Resident Tax”) mula FY2026 (kita sa taong 2025), mga residente sa labas ng Japan (tinutukoy ngayon na “Overseas Residents”), kapag ang kamag-anak ay karapat-dapat para sa dependent tax deduction atbp. (deduction para sa mga dependent, deduction para sa asawa, ispesyal na deduction para sa asawa, special deduction para sa mga partikular na kamag-anak, deduction para sa mga taong may kapansanan), o kapag ang kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa ay wala pang 16 years old at ang mga mag-asawang nakatira sa parehong sambahayan, ay kinakailangan isubmit o ipakita ang mga dokumento na nauukol sa kamag-anak tulad ng mga sumusunod: “Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak”, “Dokumentong nagpapatunay ng International Student Visa atbp.”, “(mga) Dokumentong nauugnay sa remittance” o “(mga) Dokumentong nagpapatunay ng remittance na 380,000 yen”, kasama ang Resident Tax Declaration Form.

Gayunpaman, ang nasabing mga dokumento ay hindi kinakailangan kung sakaling mai-submit o maipakita ang mga ito sa nagbabayad ng mga suweldo sa pag-withhold ng buwis o pagsasaayos ng mga suweldo sa katapusan ng taon.

【Dokumentong kumpirmasyon na nauugnay sa dependent tax deduction】

Klasipikasyon ng edad ng mga kamag-anak na naninirahan sa labas ng Japan		Mga kinakailangang dokumento para sa deklarasyon ng buwis ng residente
Mula 16 hanggang 29 yrs. old o 70 pataas		Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak, Dokumentong nauugnay sa remittance
Mula 30 hanggang 69 yrs. old	① Sa mga taong wala nang address o pansamantalang tirahan sa Japan dahil sa pag-aaral sa ibang bansa	Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak, Dokumentong nagpapatunay ng International Student Visa atbp., Dokumentong nauugnay sa remittance
	② Sa mga taong may kapansanan	Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak, Dokumentong nauugnay sa remittance
	③ Sa mga taong tumatanggap ng 380,000 yen o mahigit sa loob ng 1 taon bilang gastos sa pamumuhay o edukasyon mula sa inyo	Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak, Dokumentong nagpapatunay ng remittance na 380,000 yen
	(Sa taong hindi naaangkop alinman sa ① hanggang ③ sa itaas)	(Hindi naaangkop sa Dependent Tax Deduction)

【Dokumentong kumpirmasyon na may kaugnay sa spouse tax deduction, spouse special tax deduction, special deduction para sa mga partikular na kamag-anak, o disabled dependent tax deduction at dokumentong kumpirmasyon para sa mga wala pang 16 years old at isang asawa na kasamang nakatira, nakikibahagi sa gastos sa pamumuhay at kita sa parehong sambahayan】

Kinakailangan na mag-submit o magpakita ng “Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak” at “Dokumentong nauugnay sa remittance”.

◎ Ano ang “Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak”?

“Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak” ay ang mga sumusunod na (1) o (2) na nagpapatunay na ang kamag-anak na naninirahan sa ibang bansa ay iyong kamag-anak (kinakailangan din ang Japanese translation)

- (1) Kung ang (mga) kamag-anak na Overseas Resident ay Japanese National
Mga dokumentong inisyu ng Japanese government or local na unit ng pamahalaan gaya ng “Kopya ng family register attachment”, at kopya ng pasaporte ng kamag-anak na Overseas Resident.
- (2) Kung ang (mga) kamag-anak na Overseas Resident ay hindi Japanese National
Mga dokumento na inisyu ng isang dayuhang pamahalaan o local na unit ng pamahalaan na nakasulat ang buong pangalan, kaarawan, tirahan / pansamantalang tirahan ng (mga) kamag-anak na Overseas Resident.

【Mga pangunahing punto na dapat tandaan】

- 1 Mga dokumento na inisyu ng isang dayuhang pamahalaan o local na unit ng pamahalaan halimbawa, kalakip ang certified copy of family register, birth certificate at marriage certificate.
- 2 Kung lahat ng mga kinakailangang impormasyon (gaya ng buong pangalan, kaarawan, tirahan/ pansamantalang tirahan ng kamag anak na naninirahan sa ibang bansa) ay hindi napatunayan sa isang dokumento lamang, o ang dokumento ay hindi nagpapatunay ng iyong relasyon sa kamag-anak, kinakailangan na patunayan ito sa pamamagitan ng iba pang dokumento.
- 3 Kinakailangang isubmit o ipakita ang original na “Dokumentong kaugnay sa mga kamag-anak”, liban sa kopya ng pasaporte ng (mga) kamag-anak na Overseas Resident.
- 4 Ang mga kamag-anak na karapat-dapat sa mga dependent tax deduction atbp. ay ang mga sumusunod: Mga kadugo na kabilang sa ikaanim na antas na kamag-anak, asawa, at mga bayaw na kabilang sa ikatlong antas.

◎ Ano ang “Dokumentong nagpapatunay ng International Student Visa atbp.”?

“(Mga) Dokumentong nagpapatunay ng International Student Visa atbp.” ay nangangahulugang alinman sa sumusunod na (1) o (2) dokumento na inisyu ng isang dayuhang pamahalaan o local na unit ng pamahalaan na nagpapatunay na ang kamag-anak na isang residente sa ibang bansa ay wala ng tirahan o pansamantalang tirahan sa Japan para sa pananatili sa bansa na may international student visa o katumbas nito (kailangan din ang Japanese translation nito).

- (1) photocopy ng foreign visa document o katumbas nito
- (2) photocopy ng foreign residence card o katumbas nito

© Ano ang "(mga) Dokumentong nauugnay sa remittance"?

Ang "(mga) dokumentong nauugnay sa remittance" ay nangangahulugang alinman sa sumusunod (1) o (2) na dokumento na naglililaw na nagbayad kayo ng mga gastusin sa pamumuhay o edukasyon para sa kamag-anak na residente sa ibang bansa ng taong iyon (kinakailangan din ang Japanese translation nito).

- (1) Orihinal o kopya ng dokumentong inisyu ng institusyong pampinansyal na malinaw na nakalahad dito na ikaw ay nagbayad sa isang kamag-anak na naninirahan sa labas ng bansang Japan sa pamamagitan ng transakyon sa palitan na isinagawa ng institusyong pampinansyal.
- (2) Orihinal o kopya ng mga dokumentong inisyu ng credit card company na malinaw na nakalahad na ang iyong kamag-anak na Overseas Resident ay nakatanggap ng pera galing sa iyo sa pamamagitan ng pagbili ng mga bagay o bayad sa serbisyo ng credit card issuing company.
- (3) Isang dokumento o kopya ng isang dokumento na inisyu ng isang electronic payment service providers ng(kabilang ang ilang mga bangko, atbp. na nag-isyu ng mga electronic payment methods o mga serbisyo sa paglilipat ng pondo) na nagpapatunay na nagbayad ka sa isang non-resident na kamag-anak sa pamamagitan ng pagtransfer sa pamamagitan ng electronic payment instrument ng na isinagawa ng business operator.

[Mga pangunahing punto na dapat tandaan]

- 1 "(Mga) Dokumentong nauugnay sa remittance" kabilang ang mga sumusunod na (1) at (2), kung kinakailangan. Tandaan na ang dependent tax deduction atbp. ay hindi naaangkop kung ikaw ay walang "(mga) Dokumentong nauugnay sa remittance". At kung ikaw ay nagpatulong sa isang tao upang ipadala ang pera sa iyong kamag-anak na Overseas Resident para sa gastusing pamumuhay.
 - (1) Kopya ng Application for remittance
 - ※ Clients copy ng Application for remittance para sa taon na iyon.
 - (2) Credit card usage statement
 - ※ Ang credit card usage statement ay ang kasunduan sa pagitan mo at sa kumpanya ng credit card, inisyu para gamitin ng (mga) kamag-anak na Overseas Resident, tinutukoy sa usage statement ng card kung saan ang halagang nagamit ay babayaran mo(tinatawag na Family credit card). Sa kasong ito ang usage statement ng card ay ituturing bilang isang dokumentong nag-uugnay sa pagpapadala ng pera na may kinalaman sa kamag-anak na Overseas Resident na may hawak ng family card.
 - ※ Ang credit card statement ay isang dokumentong nag-uugnay sa mga remittance para sa taon kung kailan ginamit ang mga ito.
 - (3) Isang kopya ng request form kapag humiling sa Electronic Payment Service Providers na magpa-transfer ng electronic payment sa ibang bansa.
 - ※Ang " Electronic Payment Service Provider " ay tumutukoy sa mga nakikibahagi sa Electronic Payment Instrument business, gaya ng pagbili at pagbebenta o pagpapalit ng mga ito sa pamamagitan ng iba pang mga electronic payment method, at rehistrado ng Prime Minister. Ang "electronic payment method" ay tumutukoy sa tinatawag na mga stable coin (uri ng digital currency) na ibinibigay sa isang presyong nauugnay sa halaga ng legal currency at nangangako na tubusin sa parehong presyo tulad ng issuance price, at iba pang mga instrumento na may katulad na mga katangian, tulad ng mga halagang pinansyal na maaaring ilipat gamit ang isang elektronikong sistema ng pagproseso ng data gaya ng nakasaad sa Artikulo 2, Paragraph 5 ng Payment Services Act.
 - ※Ang request form, ay isang kopya ng request na kinakailangan para sa pagtransfer sa ibang bansa ng mga electronic payment method sa taong iyon.
- 2 Tungkol sa kung may mga kamag-anak na Overseas Resident na kwalipikado sa dependent tax deduction atbp. ay kinakailangang magsagawa ng remittance sa bawat kamag-anak nito.

Halimbawa kung ang asawa at anak ay kamag-anak na Overseas Resident at ang mga dokumento ng isang pinagsamang remittance ay ginawa ng asawa para sa gastusing pamumuhay ay naaangkop, gayunpaman hindi ito napapailalim sa mga dokumentong nauugnay sa remittance na nauukol sa bata.
- 3 Tungkol sa mga dokumentong nauugnay sa remittance, kinakailangang isubmit o ipakita ang lahat ng dokumento para sa mga remittance, atbp. sa taon kung saan inilapat ang dependent tax deduction atbp.

Gayunpaman, kung ang mga remittance sa iisang kamag-anak na Overseas Resident ay ginawa nang higit sa tatlong beses sa isang taon, magsubmit ng isang detalyadong pahayag na naglalarawan sa ilang mga bagay at ipadala ito sa (mga) kamag-anak na Overseas Resident sa simula at pagtatapos ng taon. Sa pamamagitan ng pagsusubmit o pagpapakita ng (mga) dokumentong nauugnay sa remittance. Sa kasong ito, dapat na itago ang (mga) dokumentong nauugnay sa remittance na hindi nai-submit o ipinakita.

© Ano ang “(mga) Dokumentong nagpapatunay ng remittance na 380,000 yen”?

Ang “(mga) dokumentong nagpapatunay ng remittance na 380,000 yen” ay nangangahulugang ang (mga) dokumento na nagpapatunay na ang kabuuang halaga ng inyong remittance sa bawat kamag-anak na isang residente sa ibang bansa sa taon ay 380,000 yen o higit pa, kabilang sa (mga)dokumento) na may kaugnayan sa remittance”.

[Mga pangunahing punto na dapat tandaan]

Tungkol sa “(mga) dokumentong nagpapatunay ng remittance na 380,000 yen” kinakailangan na i-submit o ipakita ang lahat ng mga dokumento na may kaugnay sa remittance na ginawa sa taon kung saan nais gamitin ang dependent tax deduction.

Gayunpaman, kung ang nagdeklara ng remittance sa isang kamag-anak na isang residente sa ibang bansa ng 3 beses o higit pa sa isang taon, ang naturang declarant ay pinapayagan na magsubmit ng isang listahan kung saan ang ilang mga bagay ay nakasaad at i-submit o ipakita ang (mga) dokumento na nagpapatunay sa una at huling remittance sa taon sa nasabing kamag-anak na residente sa abroad sa halip na i-submit o ipakita ang lahat ng dokumento ng remittance.

Sa kasong ito, kung ang kabuuang halagang ipinapakita sa “(mga)dokumentong nagpapatunay sa una at huling remittance” ay mas mababa sa 380,000 yen, ang declarant ay kinakailangang i-submit o ipakita ang (mga) dokumento kung saan ang kabuuang halaga ng remittance sa kamag-anak na residente sa ibang bansa sa taon na iyon ay 380,000 yen o higit pa bilang karagdagan sa mga “(mga) dokumentong ito na nagpapatunay sa una at huling remittance sa taon”(hal. Kung ang kabuuang halaga na ipinapakita sa “(mga) dokumentong nagpapatunay ang una at huling remittance sa taon” ay 300,000 yen, ang declarant ay kinakailangang magsubmit o magpakita ng ibang dokumento na nagpapatunay na ang remittance na ipinadala ay 80,000 yen o higit pa (380,000 yen minus 300,000 yen).

Mangyaring tandaan na kailangang panatilihin ng declarant ang “(mga) dokumento na nagpapatunay ng remittance na 380,000 yen”na hindi na-submit o naipakita.

Isinagawa ang leaflet na ito batay sa mga probisyon ng mga lokal na batas na may kaugnay sa buwis noong January 1, 2026.